DepED ADVISORY No. 2, s. 2010
In compliance with DepEd Order No. 39, s. 2009
This Advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
January 7, 2010

PAMBANSANG SEMINAR SA FILIPINO

Ang Pamantasang De La Salle-Dasmarinas sa pakikipag-ugnayan sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), at sa Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED), ay magdaraos ng Pambansang Seminar sa Filipino na may temang **"Ang Wikang Filipino sa Kulturang Popular sa Pagtuturo ng Wika, Panitikan, Midya at Pulitika"** na gaganapin sa Pebrero 18-20, 2010 sa Tanghalang Julian Felipe ng De La Salle University.

Ang layunin ng seminar na ito ay:

a. Madaragdagan ang kabatiran ng mga gurong nagtuturo ng wika at panitikang Filipino tungkol sa paglalapat ng mga teorya at estratehiya sa nagbabagong edukasyon sa kani-kanilang antas;
b. Mabibigyan pa ng mas malawak na pananaw ang mga delegado hinggil sa kulturang popular sa pagtuturo ng wika at panitikan; at
c. Mailalapat ang papel ng wikang Filipino sa larangan ng midya at pulitika.

Ang mga tagapamanihala, tagamaasid, tagapangasiwa ng paaralan at mga guro sa elementarya, sekundarya at tersyarya ay inaanyayahang dumalo sa seminar na ito.

Ang butaw sa naturang seminar ay Tatlong Libong Piso (PhP3,000.00) kasama ang kit at pagkain (2 meryenda at pananghalian sa bawat araw). Ang makakapagpatala hanggang ika-20 ng Enero 2010 ay bibigyan ng sampung porsyentong (10%) diskwento.

Para matiyak ang bilang ng seminar handouts na ipamamahagi sa rehistrasyon, mangyaring magpadala ng reserbasyon sa o bago mag-Enero 29, 2010 kina:

Angelica Honor-Ballena Direktor ng Seminar De La Salle Philippines-Dasmarinas, Cavite Tel. Blg. (046) 416-4531 loc. 3188 Mobile: (0920) 617-8641 E-mail: ahballena@mail.dasma.dlsu.edu.ph	Mailyn Bayot-Ambion Ko-Direktor ng Seminar De la Salle Philippines-Dasmarinas, Cavite Tel. Blg. (046) 416-4531 loc. 3188 Mobile : (0916) 2806-314 E-mail : mbambion@mail-dasma.dlsu.edu.ph

Sally: pambansang seminar sa Filipino (julian felipe de la sale)
December 21, 2009